

# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, [www.samutsamot.wordpress.com](http://www.samutsamot.wordpress.com)

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_  
20

## Pagpili ng angkop na pang-uri

*Panuto:* Isulat sa patlang ang pang-uri na bubuo sa pangungusap. Pumili mula sa mga pang-uri sa kahon. Isang beses lamang maaaring gamitin ang bawat pang-uri.

a. matalim	e. makapal	i. makulay	m. mapurol	o. kulot
b. mabangis	f. makasaysayan	j. makintab	n. malambot	p. basag
c. malamig	g. malubha	k. magiting	ñ. matangos	q. nakabibingi
d. hinog	h. madulas	l. mabisa	ng. mainit	r. malabo

1. Masarap humiga sa \_\_\_\_\_ na unan.
2. Binasa ko ang \_\_\_\_\_ na libro sa loob ng tatlong araw.
3. Sigurado ka ba na ang gamot na ito ay \_\_\_\_\_?
4. Gumamit ka ng ibang lapis dahil \_\_\_\_\_ na ang lapis mo.
5. May \_\_\_\_\_ na saging sa kusina.
6. Magandang tingnan ang malinis na uniporme at \_\_\_\_\_ na sapatos.
7. Ang sundalong \_\_\_\_\_ ay nakatanggap ng gantimpala.
8. Gusto kong uminom ng \_\_\_\_\_ na tubig kapag mainit ang panahon.
9. Ang Intramuros sa Manila ay isang \_\_\_\_\_ na lugar.
10. Gumawa ng \_\_\_\_\_ na saranggola si Peter para sa paligsahan.
11. Naging \_\_\_\_\_ ang sakit ni Jessica kaya dinala siya sa ospital.
12. \_\_\_\_\_ ang ilong ng panauhin natin mula sa Alemanya.
13. \_\_\_\_\_ na ang paningin ni Lola Puring.
14. Bigyan mo ng kapeng \_\_\_\_\_ si Tatay sa balkonahe.
15. Ang buhok ng bata ay itim at \_\_\_\_\_.
16. Huwag kang lumapit sa \_\_\_\_\_ na hayop.
17. Ibaba na natin ang \_\_\_\_\_ na salamin.
18. \_\_\_\_\_ ang tunog ng eroplano.
19. Mag-iingat ka sa paggamit ng \_\_\_\_\_ na gunting.
20. Huwag kayong dumaan sa sahig na basa dahil ito ay \_\_\_\_\_.